BROSAS SA SENADO, TRILLANES SA KALOOKAN SA 2025 MIDTERM ELECTIONS PAHINA 4

Publiko NEWS PUBLISHING
Impormasyon at Dokumentaryo
VOL.I NO.50 * HULYO 22-28, 2024 * P20.00




# 100,000 MAWAWALAN NG TRABAHO SA METRO MANILA



PUBLIKO REPORTORIAL TEAM

**SAN ANTONIO, Pasig — Aabot mula sa 40,000 hanggang 140,000 manggagawa sa Kalakhang Maynila ang maaaring mawalan ng trabaho dahil sa P35 wage hike sa minimum na pang-araw-araw na suweldo, ayon kay National Economic Development Authority (NEDA) secretary Arsenio Balisacan.**

Gayun man, agad naming binawi ang negatibong balita ni Balisacan dahil malaki ang kompyansa umano ng administrasyong Marcos Jr. na hindi makakaapekto ang pinataas na sahod pay sa inflow ng pamumuhunan sa mga pagnenegosyo investments na siyang magpapaningas ng paglago ng eknomiya ng Pilipinas. *(sundan sa pahina 3)*




**KAPIHAN SA MANILA PRINCE HOTEL.** Speaking nabanggit na media forum na pinangunahan nina dating senador Joey Lina at Manila Bulletin publisher Sonny Coloma, pinunto ni Chief Justice Reynato Puno ang posibilidad maisabatas ang 'designated survivor' law sa pamamagitan ng pagpasa ng isang joint resolution ng Senado at Kamara de Representante alinsunod ng mabndato ng Saligang Batas o kaya isang executive order na maaaring ipagutos ng pangulo. ***(Larawan ni Tracy Cabrera)***

# SUPPLY MISSION SA AYUNGIN AALALAYAN NG MGA KAALYADONG BANSA




PNHQ, Maynila — Pinag-aaralan ng Philippine Navy (PN) ang posibilidad na magsagawa ng rotation at reprovision (RORE) mission sa Ayungin Shoal bilang bahagi ng Multilateral Maritime Cooperative Activity (MMCA) kasama ang mga kaalyadong bansa sa West Philippine Sea (WPS). *(sundan sa pahina 3)*

## TRUMP NAGPASALAMAT NAKALIGTAS SIYA SA ASSASSINATION ATTEMPT

PAHINA 2

## P1.3M KAGAMITAN PINAMAHAGI SA MGA MANGINGISDA SA BULAKAN

PAHINA 2

## MEGAN YOUNG NAGPAUMANHIN SA MGA BASHER

PAHINA 3

Ang pahayagang ito ay tumatanggap ng mga Pampublikong Anunsiyo, maari lamang mag-email sa publiko.news@gmail.com

EDITORIAL

# MAKULIT

**SA halip na itigil ang kanilang agresibong panghihimasok sa teritoryo ng Pilipinas, pinagpapatuloy ng China Coast Guard (CCG) ang kanilang polisiya na angkinin ang buong South China Sea (CSC), partikular na sa mga exclusive economic zone (EEZ), at sa katunayan, namataan ang isa nitong barko na lumalayag kalapit ng isla ng Lubang na 40 kilometro lang ang layo sa kanluran ng Calatagan sa Batangas.**

Batay sa monitoring ng maritime transparency project na SeaLight, nakita ang 135-metrong CCG 5303 60 nautical milya sa kanluran ng of Lubang.

Tinukoy ni retired United States Air Force Colonel at SeaLight director Ray Powell na ang nasabing barko ng CCG ay nagsasagawa ng intrusive patrol na lumalabag sa soberenidad ng Pilipinas. Ito umano'y key component ng stratehiya ng Beijing na ipatupad ang expansive maritime claims ng China sa West Philippine Sea (WPS).

Ang CCG 5303 ayang siya ring barko ng China na paulit-ulit na nagsasagawa ng mga 'provocative action' at 'illegal monitoring' sa hydrographic survey ng BRP Hydrographer Ventura ng National Mapping and Resource Information Authority (NMRIA).

Ito rin umano ang isa sa tatlong barko ng CCG na gumamit ng mga water cannon sa patrolya ng Pilipinas na nasa supply mission kalapit ng Bajo de Masinloc.

# TRUMP NAGPASALAMAT NAKALIGTAS SIYA SA ASSASSINATION ATTEMPT

**BUTLER, Pennsylvania — Tuluyan nang napingasan ng tainga si dating United States president Donald Trump matapos na mabigo ang mga duktor na maibalik ang bahagi nito na tinamaan ng bala nang asintahin siya ng isang 20-anyos na shooter sa Pennsylvania.**

Sa kabila nang muntikang pagpatay sa kanya, hindi naman aniya ito sapat para madismaya siya dahil mas mahalaga na nakaligtas siya sa pagtatangka sa kanyang buhay.

Bukod sa pagkakapingas ng kanyang tainga, nagtamo rin si Trump ng galos sa kanyang braso dahil sa kanyang pagdapa.

Samantala, kinumpirma ng dating pangulo na dadalo siya sa libing ni Corey Comperatore, ang isa sa mga nanood ng kaniyang talumpati na nadamay sa insidente. Muli rin siyang nagpasalamat sa mga sumusuporta sa kanyang kandidatura sa kabila ng nangyaring kaguluhan sa Pennsylvania.

Nauna nang sinabi ni Trump na magiging laman na ng kanyang mga talumpati ang mapagkaisa ang Amerika sa halip na batikusin ang administrasyon ng kanyang katunggali na si US President Joe Biden. ***(Ed Dayot)***



# NASAAN NA SI PASTOR QUIBOLOY?

*I'm not a fugitive anymore. Never will be in the future. After spending five years in jail, you learn your lesson. I never want to return there.*

**— Convicted hacker Kevin Mitnick**

INARESTO ng mga ahente National Bureau of Investigation (NBI) ang dalawang suspek na sina Ritz Chona Ching at Donecio Somaylo sa pagnanakaw ng painting ng national artist na si Fernando Amorsolo mula sa Hofileña Museum sa Silay City sa Negros Occidental.

Tiinangka ng dalawa na ibenta ang painting na may pinamagatang 'Mango Harvester' sa halagang P3.5 milyon subalit natiktikan ang kanilang transaksyon kaya agad silang nadakip sa entrapment operation na ikinasa ng NBI sa isang lugar sa Tomas Morato sa Quezon City.

Sa ganang amin, mas mabuti palang ninakaw ito dahil na-recover pa makaraang madakip ang mga nagnakaw ng obra ni Amorsolo kaysa nangyari sa mural ni Vicente Manansala sa National Press Club na sadyang ibinenta dahil malaki ang pagkakautang ng Club gawa ng mga miyembro nitong hindi nagbabayad ng kanilang kinokonsumong pagkain at alak gabi-gabi sa restawran ng NPC!

* * *

MAYPAJO, Lungsod Kalookan — Dapat pa nga bang magbigay ng pabuya upang madakip ang nagtatagong pinuno ng Kingdom of Jesus Christ (KoJC) pastor Apollo Quiboloy, na nagmamalaking siya umano'y 'Anak ng Diyos (Son of God)'?

Kamakailan ay hinayag ng mga awtoridad ang 10-milyong piso (US$171,000) bounty para sa sinumang makapagbibigay ng impormasyon ukol sa kinaroroonan ng kontrobersyal na lider ng KoJC.

Kilala bilang spiritual advisor ni dating Pangulong Rodrigo Duterte, si Quiboloy ang nagtatag ng religious group na Kingdom of Jesus Christ (KJC) na tinatayang may animna milyong kasapi.

Tumakas ito mula sa Estados Unidos makaraang mapalista sa talaan ng Federal Bureau of Investigation (FBI) bilang isang wanted criminal matapos na mahatulan guilty ng isang US federal grand jury sa iba't ibang mga krimen, kabilang na ang human trafficking at sexual abuse.

Sinasabi ng mga kritiko ng kontrobersyal na pasto na dapat harapin nito ang mga kasong isinampa laban sa kanya hindi lamang sa US kundi maging ditto sa Pilipinas.

Pinunto rinna nararapat lang na panagutan ni Quiboloy ang pagkakalagay sa panganib ng ilang mga indibiduwal at grupo nan a-red-tag sanhi ng pagkakaugnay nila sa media arm ng KoJC na Sonshine Media Network International (SMNI).

Ayon kay Cristina Palabay, secretary-general ng rights group na Karapatan, "pinasimunuan ni Quiboloy ang pagpapakalat at pagpapalaganap ng mga maling impormasyon, kasinungalingan at banta laban sa maraming mga tao."

Sa gitna ng usapin, hindi maiiwasang tanungin kung bakit hindi magawang madakip ng ating pulisya si Quiboloy habang alam naman ng lahat ang kahalagahan na harapin niya ang mga reklamong isinampa laban sa kanya—inosente man siya o hindi.

Nagunita naming tuloy ang laging ikinakatuwiran ng pulisya kapag may tutugising criminal: "Wala kaming pang-gasolina e..." Naranasan ito ng inyong lingkod nang minsa'y maholdap po tayo sa may Port Area. Lagi na lang sinasabi ng ating mga awtoridad na maraming kakulangang kagamitan at salapi kaya hindi nila magawa ang kanilang tungkulin.

Kung gayon, hindi na tungkulin ang maitatawag natin d'yan kundi pabor—na maaaring tuparin o tanggihan. ***(Cip D.C. Cabrera)***

# PBBM PINAMAMADALI ANG MGA TRANSMISSION PROJECT NG NGCP

**BALSIK, Bataan — Pinamamadali na para kumpletuhin sa takdang schedule ni Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. sa Department of Energy (DoE) at National Grid Corporation of the Philippines (NGCP) ang may 70 mga transmission project alinsunod sa Transmission Development Plan, partikular ang Batangas-Mindoro Interconnection Project at ang Northern Luzon 230 kiloVolt Loop.**

Ito ang naging kautusan ng punong ehekutibo makaraang pangunahan nito ang inagurasyon ng Mariveles-Hermosa-San Jose 500 KiloVolt Transmission Line sa Balsik Substation sa Bataan kamakailan.

Ayon ditto, layunin ng proyekto na matugunan ang tumataas na pangangailangan ng mamamayan sa enerhiya at mahikayat na rin kapag nakumpleto na ito ang lahat ng sektor na gumamit ng modernong teknolohiya upang magkaroon ng maraming oportunidad sa trabaho para sa mga Pilipino.

"I direct the DOE and the NGCP to complete the almost seventy transmission projects on time as indicated in our Transmission Development Plan," pagdidiin ng pangulo.



Samantala, ukol naman sa usapin ng iligal na mga Philippine Offshore Gaming Operator, ibinalita din na tinututukan na ito ng mga awtoridad upang maresolba na sa gitna ng mga negatibong ulat ukol sa mga iregularidad at masamang epekto sa lipunan.

Ito ang inihayag ni Pangulong Marcos Jr. nang tumuloy sa San Fernando, Pampanga para mamahagi ng tulong sa mga naapektuhan ng tagtuyot sdanhi ng El Niño phenomenon.

Sa kanyang talumpati rito, pinawi ng punong ehekutibo ang pangamba ng mga taga-Pampanga dahil sa mga nagaganap na kriminalidad at talamak na ilegal na mga gawain na sumisira sa kapayapaan ng lalawigan.

"Nais kong ipaalam sa inyo na amin pong tinututukan at tinutugunan ang problemang ito. Mayroong ng ginawang task force ang DILG para tutukan ang illegal na gawaing kaugnay ng mga naririnig natin sa mga POGO," punto nito. ***(Karin Ceara Cabrera-Sakai)***

# P1.3M KAGAMITAN PINAMAHAGI SA MGA MANGINGISDA SA BULAKAN

**SAN FERNANDO, Pampanga — Nabigyan ang mga mangingisda's mamalakaya sa lalawigan ng Bulakan ng aabot sa P1.3 milyong halaga ng fishing equipment upang mapalakas ang produksyon ng isda sa nasabing lalawigan.**

Nagmula ang tulong pinansyal sa Bureau of Fisheries and Aquatic Resources Central Luzon (BFAR-3) na nagsabing patuloy nitong tuparin ang commitment ng pamahalaan na suportahan ang pangkabuhayan ng ating fishing community.

Binigyang-diin ni Dr. Romina Yutuc ang sustainable fishing practices upang mapalakas at mapaganda ang sektor ng pangingisda kaya nagbilin siyang ang na-award na mga kagamitan ay kinakailangang pangalagaan upang matiyak ang mga long-term na benepisyo mula rito para sa ating mga mangingisda at kapaligiran.

Kabilang sa mga ipinamahaging equipment ng BFAR-3 ay mga gillnet, multifilament net, cast nets at motorized FRP boats sa ilalim ng F/B Pagbabago program.

Inaasahang mapapaganda nito ang produktibidad ng mga benepisaryo habang nagpapalawig ng sustainable fishing practices upang mapangalagaan ang ating aquatic resources. ***(Heidi Nicodemus)***



Publiko NEWS PUBLISHING

Impormasyon at Dokumentaryo

**PUBLIKO NEWS PUBLISHING is a weekly newspaper in general circulation, published evey Monday. This publication is under the management of MARK ANTHONY B. CAIÑA, the Publisher/ Editor-in-Chief.**

**This publication is duly registered under DTI No. 5190105 (National).**

**Advertising/ Sales and Editorial Office is located at 109 P. Zamora St., Brgy. 15, District II, Caloocan City, Metro Manila.**

# WASTONG PAGTUGON SA ARTHRITIS



**WALANG tanggap na listahan ng mga 'nakakasamang pagkain' na dapat iwasan ng mga taong may arthritis, ayon kay Harvard Health Publishing senior faculty editor Dr. Robert Shmerling.**

Mayroong mahigit 100 uri ng sakit na ito at para sa karamihan, walang compelling evidence o katibayan na nagpapakita na ang alinmang pagkain ay may kaugnayan sa paglala ng arthritis.

Gayun man, may mga koneksyon sa pagitan ng dieta at arthritis na dapat malaman.

May mga nakakapansin na may mga pagkain na para bang nagpapalala ng ating nararamdamang joint pain. Sa ganitong mga kaso, mainam na iwasan ang mga pagkaing ito. Subalit hindi kailangan ang isang 'highly restrictive' diet para sa mga taong may pangkaraniwang uri ng arthritis.

Sa kabilang dako, may nakitang benepisyo sa tinatawag na 'anti-inflammatory' diet, tulad ng Mediterranean diet, dahil nakakabawas ito ng body-wide inflammation at joint pain sa mga tukoy na uri ng arthritis, gaya ng rheumatoid arthritis.

Kabilang sa mga diyetang ito ang pagkain ng mga prutas, gulay, whole grains, nuts, beans at olive oil habang iniiwasan ang mga 'highly processed' na mga pagkain, red meat at mga unhealthy source ng fat o taba.

Nakakatulong din ang diyeta sa pagtugon sa gouty arthritis. Dapat umiwas sa mga pagkaing nagpapataas ng uric acid (ang dahilan ng gout). Kabilang ditto ang red meat, seafood, alkohol at mga inuming may mataas na fructose corn syrup content.

May kinalaman din ang diyeta sa development ng obesity. Excess weight o mabigat na timbang ay nakakapagpataas sa banta na magkaroon ng osteoarthritis habang ang pagbawas sa excess weight ay makakapagpaganda sa mga sintomas ng osteoarthritis sa ating mga weight-bearing joint tulad ng ating tuhod, alak-alakan at iba pa. ***(Tracy Cabrera)***

# MGA ONLINE SELLER KAILANGAN NANG MAGBAYAD NG BUWIS

**GRACE PARK, Lungsod Kalookan — Simula nitong Hulyo 15, 2024 ay sisingilin na ng buwis ng Bureau of Internal Revenue (BIR) ang mga digital financial service providers at electronic marketplace operators sa kanilang mga merchants at sellers.**

Ayon sa Revenue Regulation No. 16-2023, ang buwis na sisingilin ay withholding tax na ipapataw katumbas ng isang porsyento sa kalahati ng gross remittances na ibabayad ng e-marketplace operator sa seller kung hindi umaabot sa P500,000 ang benta ng merchant sa isang taon o kung exempted sa buwis ang seller.

Binigyan naman ng BIR ang mga digital financial service provider ng hanggang Oktubre 12, 2024 upang tapusin nila ang mga adjustment sa kanilang mga sistema para makasunod sa RR No. 16-2023.

Nilinaw ni BIR commissioner Romeo Lunagui na hindi bagong buwis ang ipinapataw sa mga online sellerdahil batay sa tax laws ay subject sila sa pagbabayad ng income tax sa kanilang taxable income.

"Transactions with domestic vendors are generally subject to creditable withholding tax depending on the nature of the income and classification of the payor based on existing rules. The RR (revenue regulation) merely implements the government's right to collect a portion of these income taxes in advance by including the online retail industry in the withholding tax system," pinunto ni Lumagui.

Gayun pa man, maaaring ituring ng mga online sellerbilang additional cost kaya puwede nila itong ipasa sa kanilang mga kostumer sa pagtaas ng presyo ng kanilang binebentang produkto o serbisyo.

Dagdag ni Lumagui: "As such, it may be considered that the buying public will ultimately bear the cost. Nonetheless, looking at the bigger picture, this withholding tax on online sellers will help the government amplify its revenue collection efforts. Still, in order for these initiatives to really make a difference in the government collection efforts, it is crucial for online sellers to register their businesses with the BIR and pay their taxes properly."

Ayon sa Philippine Statistics Authority (PSA), umabot na sa P2.05 trilyon ang halaga ng digital economy ng bansa noong 2023 at mayroong 9.68 milyong Pilipino na ang trabaho ay may kaugnayan sa digital economy. ***(Willie Caliwan)***

# KAILANGAN NANG REPASUHIN ANG RA 9165

**BAGONG BARRIO, Lungsod Kalookan — Sa mga balitang nababasa natin at naririnig o napapanood sa broadcast media at online news, makikitang may malaki pa rin ang problema natin sa iligal na droga kaya nga umaasa tayong tutugunanito ng ating mga awtoridad tulad ng pinangako ni dating pangulong Rodrigo Duterte.**

Subalit sadyang mahirap na mapatigil ang kalakalan ng droga dahil marami pa ring nasisilaw sa perang kinikita mula rito. May mga pulis pa rin at maging mga politico na sangkot kaya talagang hindi ito masawata.

Marahil ay ito ang dahilan kung bakit nirerepaso ng Kamara de Representante ang ating batas, partikular na ang Comprehensive Dangerous Drugs Law (RA 9165), upang makagawa ng mga amyenda at mas mapalakas ang kampanya ng gobyerno laban sa iligal na droga.

Ayon kay House committee on dangerous drugs chairperson at Surigao del Norte representative Robert Ace Barbers, alinsunod sa direktiba ni House Speaker Ferdinand Martin Romualdez, kikilos ang komite upang matugunan ang mga isyu hindi lamang sa supply side kundi maging sa demand side.

Naniniwala kaming sa able leadership ng ating House Speaker at matbay na commitment ng ating mahal na Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr., nakakaita kami ng pag-asa na makakamit natin ang tagumpay laban sa iligal na kalakalan ng droga.

Kudos! ***(Danny Singh)***

# MEGAN YOUNG NAGPAUMANHIN SA MGA BASHER

**NAKAKAMANGHA na sa modernong panahon ay napagbintangan pang kinulam ni 2013 Miss World Megan Young ang kandidata ng Botswana na si Lesego Chombo sa patimpalak nang ayusin nito ang buhok ng huli sa sa question-and-answer portion ng nasabing beauty pageant.**



Gayun pa man, humingi ng paumanhin si Megan matapos mabash nang todo-todo ng ilang mga African pageant fan na nagsabing gumamit ng 'witchcraft' nawala umano ang suwerte ng African beauty queen.

May mga pamahiin kasi ang ilang mga Aprikano lalo na pagdating sa kanilang buhok dahil sagrado umano ito bilang isang simbolo ng kanilang kultura at hindi rin umano maganda para sa Africans na bigla-bigla nalang hahawakan ang kanilang buhok.

Sa kanyang social media account, ibinahagi ni Megan ang kanyang apology at ayon sa kanya, aminado siyang nagkamali siya pero wala siyang masamang intensyon.

Saad ni Megan sa kanyang Facebook post: "I wanted to offer a helping hand but I failed to oversee the bigger picture. This could have caused distress during that moment and I have been made aware that culturally, this is unacceptable."

Sinabi rin niya na nakausap na niya sa personal si Lesego upang humingi ng tawad.

"We have spoken privately last night at the hotel and I have apologized to Lesego in private. To those who witnessed the incident, I also want to apologize for any discomfort or confusion my actions may have caused."

"It was a thoughtless and disrespectful act, and I take full responsibility for it," dagdag pa nito.

"I assure you that it was not my intention to invade personal space or make anyone feel uncomfortable. I deeply regret my actions and will strive to be more mindful and respectful in the future."

Makikita sa comment section na nagsalita na rin mismo si Miss World Botswana at nakiusap sa kanyang mga kababayan na maging "kinder" hindi lang kay Megan, kundi pati na rin sa bagong reyna ng Miss World na si Krystyna Pyszková ng Czech Republic.

"Batho bame (My people), I appreciate that you are all looking out for me, but it really doesn't make me feel good when you bring other people down in my name or for my sake," apela ni Lesego.

"Please be kinder, please. To Krystyna, to Megan, be kinder."

# IM DANIEL QUIZON HINIRANG NA KAMPEON SA OAMINAL CHESS OPEN

**MAYPAJO, Lungsod Kalookan — Nakipaghatian ng puntos si Grandmaster-elect Daniel Quizon sa ika-siyam at hulng round sa Ikalawang Governor Henry Oaminal Chess Tournament upang angkinin ang kampeonato sa rapid division ng torneo.**

Tumulak muna ng panalo 19-taong-gulang na kasalukuyang International Master sa ika-walong round laban kay Jan Francis Mirano bago nakipagkasundo ng draw kay IM Michael Concio Jr. upang ilista ang 7.5 points sapat para magkopo ang korona.

Sa katunayan, tatlong woodpushers ang kaparehong iskor ni Quizon, ito'y sina Concio, GM Darwin Laylo at IM Eric Labog subalit nang idaan sa tiebreak ay nakopo ng una ang top spot.

Pumangalawa si Concio habang third at fourth placer sina Laylo at Labog, ayon sa pagkakasunod, sa event na ipinatupad ang nine rounds Swiss System at may time control format na 15 minutes plus three seconds increment.

Pinisak ni Labog si Johnel Balquin habang ipinagpag ni Chess Olympiad veteran Laylo si FM Roel Abelgas.

Sa under-17 category, kinaldag ni Keith Adriane Illar si Sean Kenneth Cogonon sa ninth round upang ilista ang 8.8 points at sikwatin ang titulo.

Si Quarl Maverick Vera Cruz ang nagwagi sa under-13 class matapos mauwi sa tabla ang laban niya kay Sebastian Marbas. ***(Heidi Nicodemus)***

# 100,000 MAWAWALAN...

MULA SA PAHINA 1

Isinantabi ng kalihim ang possible epekto ng huling pagtaas ng suweldo, na inilarawan bilang "risonable" at "hindi tunay na nakakapigil" sa ating pag-unlad.

"Sa aming estima, bahagya itong makakaapekto subalit hindi gaano dahil one-tenth lang ito ng isang porsyento kaya masasabing very negligible ito," aniya.

Tinukoy din ni Balisacan na na maaaring tumaas ang unemployment rate sanhi ng minimum wage increasesubalit sa "very negligible number."

"Maaari itong makaapekto sa 40,000 hanggang 140,000, depende (sa industriya) fahil hindi kasing laki ng inaasahan kung naging mas Malaki ang rate adjustment," kanyang pinunto.

Bagama't may negatibong epekto, sinabi rin nito na ang mga manggagawang mawawalan ng trabaho dahil sa pagtaas ng sahod ay magkakaroon din naman ng mga bagong oportunidad upang makahanap ng bagong hanapbuhay dahil sa paglago ng ating ekonomiya at labor market.

"Kapag nawalang ng trabaho rito, mayroon din naming ibang trabaho na nagbubukas. Sa panahong iton, magkakaroon ng 600,000 bagong empleyo (na malilikha). Alam n'yo, mga bagong trabaho ang mga ito na magbubukas sa ating ekonomiya. Habang patuloy na lumalago ang ating ekonomiya ng mula 6 hanggang 7 porsyento ngayong taon, sasabayn ito ng mas marami pang oportunidad sa paghahanapbuhay," pagtatapos ni Balisacan.

# SUPPLY MISSION...

MULA SA PAHINA 1

Ipinaliwanag na ang nasabing resupply mission isama sa multilateral exercise na aalalayan ng mga bansang kasapi sa MMCA. Sa ganitong kaganapan, magagawa ng mga kaalyadong bansa tulad ng Estados Unidos, Japan, United Kingdom at Australia na magpadala ng kanilang mga eroplano at barko para sa simultaneous patrol na nakayuda sa puwersa ng Pilipinas sa South China Sea (SCS).

"All options are being discussed on the planning table. Once finalized, this will be submitted for approval," hinayag ni PN spokesperson Rear Admiral Roy Vincent Trinidad.

Nagwakas sa alanganin ang huling resupply mission noong Hunyo 17, 2024 makaraang harangin ngisang dosenang barko ng China Coast Guard (CCG). Nasira ng mga Chinese ang rigid hull inflatable boat (RHIB) ng PN habang inagaw naman ang ilang armas at nasugatan ang isang navy personnel.

Tiniyak ni defense secretary Gibo Teodoro na magpapatuloy ang mga RORE mission: "We are going to do the RORE as routinely as possible but we'll wait for the maritime council to give us the appropriate guidance… In terms of timing and other issues, the (Department of Foreign Affairs) and the (National Maritime Council)."

"All options are being discussed on the planning table. Once finalized, this will be submitted for approval," dagdag naman ni Trinidad..

Samantala, nakipagpulong na si Armed Forces of the Philippines (AFP) chief Lieutenant General Romeo Brawner Jr. sa US Joint Chiefs-of-Staff chairman General Charles Brown para balangkasin ang susunod na Balikatan Exercise at ang nalalapit na paglalagda ng General Security of Military Information Agreement o GSOMIA.

"It will also involve other upcoming talks in terms of our compliance with the GSOMIA and other matters in terms of our partnership with the US," hinayag ni AFP spokesperson Colonel Frances Margareth Padilla.

"It will also involve other upcoming talks in terms of our compliance with the GSOMNIA and other matters in terms of our partnership with the US," sabi pa ni Padilla. ***(Publiko Reportorial Team)***

# BROSAS SA...

MULA SA PAHINA 4

"Ngayong araw, ako at ang aking mga kasama sa Caloocan ay nanumpa bilang mga bagong miyembro ng Aksyon Demokratiko. Maraming salamat kina Aksyon chairperson Emeritus Sonia Roco, Chairman Ernest Ramel Jr., at Aksyon President Isko Moreno Domagoso sa inyo mainit na pagtanggap," tinukoy naman ni Trillanes.

Isang dating opisyal ng Philippine Navy, tumakbo si Trillanes bilang senador noong 2007 habang nakadetine sanhi ng kanyang partipasyon sa mutiny laban sa administrasyon ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo.

Noong 2010, nilagdaan ni Pangulong Benigno Simeon 'Noynoy' Aquino III ang proklamasyon na nagbigay kay trillanes at mga kasamahan nito sa Magdalo ng amnestiya sa pagkakasangkot sa 2003 Oakwood mutiny, February 2006 Marine standoff at 2007 Manila Peninsula incident.

VOL.I NO.50 * HULYO 22-28, 2024

Publiko
i NEWS
PUBLISHING

**PUBLIKO NEWS PUBLISHING IS A WEEKLY NEWSPAPER IN GENERAL CIRCULATION, PUBLISHED EVERY MONDAY.**

PUBLIKO NEWS PUBLISHING accepts contributions from anyone who may want to share their opinions, stories, experiences and other interesting matters.

All articles submitted to PUBLIKO NEWS PUBLISHING are those of author's opinions and do not constitute our endorsement nor reflect the views of the Publisher. Email us at publiko.news@gmail.com

PUBLIKO NEWS PUBLISHING does not warrant or assume any expressed therein by the authors, writers or contributors. All articles are subject to editing to comply with the editorial policies and directions of this publication.

Materials here may not be reproduced, copied in any form of by any means without written permission from the Publisher.

The opinions and ideas expressed by the writers or contributors do not reflect the opinion of this publication and its management.

## Wika ng Diyos

**Ang daan ng kapayapaan ay hindi nila nalalaman: at walang kahatulan sa kanilang mga lakad: sila'y nagsigawa para sa kanila ng mga likong landas; sinomang lumalakad doon ay hindi nakakaalam ng kapayapaan.**

**– Isaias 59:8**

# BROSAS SA SENADO, TRILLANES SA KALOOKAN SA 2025 MIDTERM ELECTIONS



**MAYNILA — Sa pagnanais na dalhin ang kanyang mga adhikain sa Senado, nagdesisyon si Gabriela party-list representative Arlene Brosas na kakandidato siya bilang senadora sa midterm elections sa susunod na taon.**

Ayon kay Brosas, sa Seando ay hindi lamang niya ipaglalaban ang mga adbokasiya ng kanyang grupo kundi isusulong ang komprehensibong lehislasyon upang mapangalagaan ang mga karapatan ng kababaihan.

Noong Hulyo 4, hinayag ng Makabayan bloc, na kabahagi ang Gabriela, ay magpapatakbo ng buong senatorial slate sa darating na halalan.

Samantala, pormal naming umanib si dating senador Antonio 'Sonny' Trillanes sa partidong Aksyon Demokratiko bago ideklara ang kanyang planong tumakbo bilang alkalde ng lungsod ng Kalookan.

Gayun pa man, nilinaw niya na ang paghayag niya sa planong tumakbong alkalde ay gagawin niya sa tamang panahon.

"Ito ang direksyon pero ihahayag ko ito kapag napapanahon na," aniya sa panayam ng media.

Pinangunahan ni Aksyon Demokratiko chairperson Ernest Ramel Jr. ang panunumpa ng dating senador.

"Malugod naming tinatanggap si dating senador 'Sonny' Trillanes sa Aksyon Demokratiko (Aksyon). Isa sa mga adhikain ng Aksyon ay ang malinis, mahusay at mabilis na pamamahala sa lokal na pamahalaan na may tunay na pagmamalasakit sa mamamayan," punto ni Ramel.

"Naniniwala kami na katulad ng pangulo ng Aksyon Demokratiko na si former Manila mayor (Francisco 'Isko Moreno' Domagoso, ay magiging mahusay na punong-bayan si dating senador, Sonny Trillanes," dagdag pa nito. ***(sundan sa pahina 3)***

# RICE-FOR-ALL

**SAN FERNANDO, Pampanga — Papalawigin pa ng Department of Agriculture (DA) ang coverage ng kanilang programa para sa murang bigas upang maisama ang mga lugar na nasa labas ng Kalakhang Maynila.**

Ayon kay agriculture secretary Francisco Tiu Laurel Jr., simula ngayong buwan, magbubukas kami ng 23 pang pamilihan at tatlo pa sa lalawigan. Magkakaroon ng isa sa Cebu, at gayun din sa Maguindanao.

Umaasa ang maraming mahihirap nating kababayan na makakaabot sakanila ang mga 'kadiwa' store na ito dahil lubhang nahihirapan na sila sa mataas na presyo ng bigas.

Nitong nakaraang buwan, nilunsad ng DA ang Program 29 sa 10 Kadiwa sa Metro Manila at Bulacan na kung saan ibinenta ang bigas sa halagang P29 lang sa mga bulnerableng sector, kabilang ang mga senior citizen, single parent, persons with disabilities (PWD) at benepisaryo ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps).

Layunin ng nasabing programa na magkaroon ng supply ng murang bigas sa mahigit 6.9 milyong mga low-income household.

Unang itinakda ang large-scale trial ng inisyatibo sa loob ng isang buwan bago ito pinalawig sa iba pang mga lugar sanhi ng pagsasaayos ng supply at logistics.

Samantala, nilalatag na rin ng kagawaran ng agrikultura ang isa pang programa na binansagang Rice-for-All na makapagbibigay ng general public access sa well-milled at fancy rice sa mababang presyo.

Inaasahang magagawa ito sanhi ng pagbaba ng presyo ng bigas sa pandaigdigang merkado sa pagtatapos ng El Niño phenomenon at inaasahan ding aalisin na ang ban sa India sa pag-export ng non-basmati rice. ***(JT Leonardo C. Santos)***

# PATI ASO'T PUSA NAIS TUMAKBO SA POLITIKA

**SANTO DOMINGO, Lungsod Quezon — Totoo po ba ito—naghain si senador Robin 'Robinhood' Padilla ng panukalang batas na may layuning ipatupad ang mandato ng ating Saligang Batas na ipagbawal ang mga political dynasty?**

Sana nga pumasa ang Senate Bill 2730 ng butihing senador dahil inuubos lang ng mga dinastiyang politikal ang ating resources upang makamit nila ang economic at political dominance habang kinukumpormiso ang political competition at inilalagay sa alanganin ang accountability ng ating mga halal na opisyal.

Sa ilalim ng SB 2730 ng dating aktor, "walang asawa o indibiduwal na may relasyon nasa fourth degree ng consanguinity o affinity, lehitimo man o illegitimate, full o half blood, sa isang incumbent elective official ang maaaring maghain para sa re-election sa iisang lungsod o lalawigan bilang halal na opisyal ao kinatawan ng isang party list."

Tunay ngang maganda ang layunin ng panukalang batas subalit ang tanong ay kung uubra ba ito para matugunan ang problemang likha ng pagkakaroon ng mga dinastiya sa ating pamahalaan.

Bukod dito, suportahan kaya ito ng mga kasamahan ni Padilla sa Senado para pumasa at gayun din sa Kamara de Representante, na kung saan alam naman nating halos pinamamana na lang ang puwesto ng ilang mga opisyal sa kani-kanilang asawa, supling o kamag-anak.

Sabi nga ng aking ama, kulang na lang ay pati ang kasambahay nila o alagang aso o pusa ay patakbuhin bilang kahalili sa sandaling nagtapos na ang kanilang termino bilang lingkod bayan. Sa totoo lang, sa ganito scenario, ang umiiral ay hindi paglilingkod sa publiko kundi paninilbihan sa personal nilang pagnanais na manatili sa kapangyarihan. ***(Karin Ceara Cabrera-Sakai)***

Ang pahayagang ito ay tumatanggap ng mga Pampublikong Anunsiyo, maari lamang mag-email sa publiko.news@gmail.com